Buwanang Fee na Kapalit ng Depositong Panseguridad – Form ng Pagsisiwalat

MAAARI KANG MAGBAYAD NG BUWANANG FEE SA HALIP NA DEPOSITONG PANSEGURIDAD.

Ang fee na ito ay hindi depositong panseguridad at hindi mare-refund kapag umalis ka na sa pinagmamay-ariang lupain. Kapag binayaran ang fee na ito, pahihintulutan ka ng landlord (may-ari ng lupain) na lumipat sa pabahay nang hindi nagbabayad ng depositong panseguridad. Kung hindi ka magbabayad nang buo o may masira ka sa nasasakupang lugar nang bukod pa sa pagkalumang mula sa karaniwang paggamit, maaari kang atasan ng landlord, kumpanya ng insurance ng landlord, o ng tagakolekta ng utang, na bayaran ang halagang hindi pa nababayaran, kasama na ang gastos sa pagkukumpuni ng sirang higit pa sa pagkalumang mula sa karaniwang paggamit sa nasasakupang lugar.

Ayon sa batas ng estado ng Washington, tatlong iba-ibang opsiyon ang maaaring ibigay sa iyo:

(1) Bayaran ang buong depositong panseguridad kasabay ng pagpirma sa kasunduan ng pag-upa.
(2) Kung angkop, bayaran ang buong depositong panseguridad at iba pang fee para sa paglipat nang hanggang sa tatlong installment (tingnan sa ibaba ang iba pang detalye).
    - may ilang lokal na batas na nagtatakda ng mas matagal na panahon para dito.
(3) Kung iaalok ng iyong landlord, magbayad ng buwanang waiver fee na deposito sa halip na depositong panseguridad. Kung pipiliin mo ang opsiyong ito, hindi ka magbabayad ng depositong panseguridad o renta para sa huling buwan nang maaga. Ang umuulit na halagang sisingilin sa iyo buwan-buwan ay $_____ BILANG KARAGDAGAN sa buwanang bayad mo sa renta, sa halip na depositong panseguridad at/o renta para sa huling buwan na nagkakahalaga ng $_____.

KUNG PIPILIIN MONG MAGBAYAD NG BUWANANG WAIVER FEE NA DEPOSITO SA HALIP NA DEPOSITONG PANSEGURIDAD, ITO ANG HALAGANG BABAYARAN MO SA BUONG PANAHON NG PAG-UPA KUMPARA SA ISANG BESES NA PAGBABAYAD NG DEPOSITO:

Buwanang Waiver Fee na Deposito na Hindi Maaaring I-refund: _____ Kabuuang Gastos sa mga Buwanang Fee sa Buong Panahon ng Pag-upa: _____	Isang Beses na Depositong Panseguridad na Maaaring I-refund: _____

Sakaling magtapos ang iyong pangungupahan at hindi ka nagbayad ng renta o iba pang takdang halaga kaugnay ng pag-upa, at hindi ka nagbayad para sa pagkukumpuni ng sirang bukod pa sa pagkalumang dulot ng karaniwang paggamit sa nasasakupang lugar, babayaran ang landlord mo gamit ang saklaw ng insurance:

$_____ para sa anumang renta at fee na hindi pa nababayaran, at

$_____ para sa anumang sira.

Kabuuang saklaw: $_____

MAHALAGA: KUNG PIPILIIN MONG MAGBAYAD NG UMUULIT NA BUWANANG FEE SA HALIP NA DEPOSITONG PANSEGURIDAD:

(1) HINDI KA PARTIDONG MAY INSURANCE SA ILALIM NG PATAKARAN NG INSURANCE NA BINILI NG LANDLORD GAMIT ANG IYONG MGA FEE;

(2) HINDI KA BENEPISYARYO NG ANUMANG SAKLAW NG INSURANCE O ANUMANG BENEPISYO NG INSURANCE SA ILALIM NG PATAKARAN NG INSURANCE NA BIBILHIN NG LANDLORD GAMIT ANG IYONG MGA FEE; AT

(3) OBLIGADO KA PA RING MAGBAYAD NG RENTA AT LAHAT NG BAYAD NA KAILANGAN PARA SA PAG-UPA, KASAMA NA ANG GASTOS SA PAGKUKUMPUNI NG SIRANG BUKOD PA SA PAGKALUMANG DULOT NG KARANIWANG PAGGAMIT SA NASASAKUPANG LUGAR.

Maaaring subukin ng landlord na hingin ang bayad mula sa iyo bago siya maghain ng anumang paghahabol sa provider ng insurance. Kung hindi mo mababayaran ang landlord para sa hindi pa nababayarang renta o iba pang nakabinbing pagbabayad o gastos sa pagkukumpuni ng sirang bukod pa sa pagkalumang dulot ng karaniwang paggamit sa nasasakupang lugar, at sa halip ay isang taga-insure ang nagbayad sa landlord, maaaring humingi ang taga-insure ng reimbursement mula sa iyo para sa mga ibinayad nito sa landlord.

Kung pipiliin mong bayaran ang umuulit na buwanang bayarin sa halip na depositong panseguridad, pahihintulutan kang bayaran, anumang oras, ang landlord para sa depositong panseguridad na nagkakahalaga ng $_____ at ihinto ang pagbabayad sa umuulit na bayarin simula sa buwan pagkatapos mabayaran ang depositong panseguridad.